IJNRD.ORG ISSN : 2456-4184
INTERNATIONAL JOURNAL OF NOVEL RESEARCH AND DEVELOPMENT (IJNRD) | IJNRD.ORG
An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# SPOKEN WORD POETRY: AMBAG SA PANITIKANG SORSOGANON

**[1]Sarah A. Llaguno, [2]Kathleen Kay D. Mapa**

Sorsogon State University
Paaralang Gradwado
Lungsod Sorsogon

*Abstract :* Natiyak sa pag-aaral na ito ang ambag ng Spoken Word Poetry sa panitikang Sorsoganon. Kwalitatib-deskriptib-analisis ang disenyong ginamit. Isinagawa ang pakikipanayam at sarbey sa mga impormante kung saan binubuo ng mga kabataang mag-aaral mula sa (14) na bayan at isang (1) lungsod sa lalawigan ng Sorsogon na tinaguriang manunulat ng Spoken Word Poetry. Ang mga nalikom na Spoken Word Poetry ay binigyan ng interpretasyon ng mananaliksik sa pamamagitan ng pag-aanalisa ng mga akda. Natuklasan na nanguna sa mga paksain ng naisulat na Spoken Word Poetry ang pagmamahal, karanasan, pag-asa at paninidigan, pagkakaibigan, kalikasan, nasyonalismo. Nakita din ang mga aral na pagmamahal ang pinakamahalagang sangkap sa pagpapanatili ng isang relasyon, ang pagpapahalaga sa karanasan ay gintong ala-ala ng isang tao, magkaroon ng pag-asa sa lahat ng oras at laging manindigan para sa tama, ang pagkakaibigang tapat samahan ay tumatagal, mayaman ang kalikasan na ibinigay sa tao kaya't nararapat lamang na pangalagaan ito, at nararapat lamang na tangkilikin ang yaman ng sariling bansa. Nakita din ang 2 kasanayang pampagkatuto sa elementarya, 5 sa sekundarya at 3 sa tersiyarya na nakatuon sa pagsulat ng Spoken Word Poetry. Natuklasan na ang mga naisulat na Spoken Word Poetry ay kadalasang hango sa sariling karanasan, obserbasyon at pananaw ng mga manunulat ng akda. Ipinapakita ang kamalayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang isyung panlipunan na kalimitang nakikita, naririnig at nararanasan ng mga kabataan sa kasalukuyang henerasyon. Ang mga naitalang spoken word poetry ay gumamit din ng mga elementong nakapaloob sa isang tradisyunal na tula tulad ng tugma, saknong at talinghaga.
***Susing-salita*:** Spoken Word Poetry, ambag, paksain, aral, kasanayang pampagkatuto.

## 2.INTRODUKSYON

Malaki ang pagbabago ng kasalukuyang sistema ng panitikan sa larangan ng tula dahil sa makabagong lipunan. Gayunpaman, sa pagsikat ng isang Spoken Word Poetry pinatatag lamang nito ang puso ng mga Pilipino upang bigkisin at muling yakapin ang pagiging makata. Dahil kadalasang tema ng Spoken Poetry ay mula sa sariling damdamin at karanasan, lalong naging mabisang "hugot" ito para sa mga kabataan upang maisatitik at maisatinig ang nakatagong damdamin para sa isang tao o sa iba pang bagay. Ayon kay North (2008)[1], ang Spoken Word Poetry o kung minsan tinatawag na *slam poetry* ay tulang nailathala sa papel ngunit dinisenyo para sa pagganap sa entablado sa harap ng madla.

Sa paglaganap din ng Spoken Word Poetry, *social media* ang naging lunsaran para lalo pa itong mamayagpag at tangkilikin ng mga kabataan, kung saan ito ay itinuturing na napapanahong sagisag ng kanilang henerasyon. Pinagtibay naman ng *United Nations Educational, Scietific and Culutral Organization (UNESCO)*[2] ang ika-21 ng Marso bilang *World Poetry Day* sa isinagawang 30th *General Conference* sa Paris noong 1999, na may layuning suportahahan ang pagkakaiba-iba ng wika sa pamamagitan ng pagpapahayag nang patula at pagdagdagan ang pagkakataon upang muling marinig ang mga nanganganib na wika.

Batay sa Saligang Batas ng Pilipinas (1987) Artikulo XIV Seksyon 14[3]. Dapat itaguyod ng Estado ang pangangalaga, pagpapayaman at dinamikong ebolusyon ng isang pambansang kulturang Pilipino salig sa simulaing pagkakaisa sa pagkakaiba-iba sa kaligirang malaya, artistiko at intelektwal na pagpapahayag. Ayon pa rin sa Seksyon 15. Dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan.

Ang mga batas na ito ang kumikilala sa mga katangian ng Pilipino sa pagpapahayag ng malayang damdamin sa pamamagitan ng kanilang obrang sining. Inaasahan na sa pag-usbong ng makabagong anyo ng panulaan tulad ng spoken poetry ay

nakasuporta ang Estado ng isang bansa upang kilalanin at bigyan ito ng kaukulang pansin at maipreseba bilang yamang sining ng bayan.

Ipinalabas din ang *DepEd Order No. 8, 2013 Advisory No. 46, s. 2017*[4] na naglalayong sanayin ang mga kalahok na mag-aaral sa kasanayan sa pagsulat ng mga kuwento at makibahagi sa larangan ng Spoken Poetry. Nagbigay din ng mga *Division Memorandum* sa mga Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan sa iba't ibang probinsiya tulad ng Pansangay na Memorandum Blg. 65, s. 2022[5] ng probinsiya ng Sorsogon na naglalayong ipakita ang galing at malikhaing pagtatanghal ng mga mag-aaral sa patok na Spoken Word Poetry.

Ang pagsikat ng Spoken Word Poetry ay malaking bahagi sa buhay ng mga kabataang Sorsoganon upang maipahayag ang kanilang saloobin o pananaw patungkol sa mga sariling karanasan o nakita sa kapaligiran kaya't ang paglikom at pagsasatitik sa isang kalipunan ng mga akdang Sorsoganon ay maituturing na pagpreserba ng panitikang umusbong sa kasalukuyang henerasyon.

## 3. METODOLOHIYA

### 3.1 Mga Impormante

Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay binubuo ng mga kabataang manunulat mula sa (14) na bayan at isang (1) lungsod sa probinsiya ng Sorsogon. Ito ay binubuo ng mga mag-aaral na elementarya mula sa Baitang 5 at Baitang 6, sa sekundarya naman ang Baitang 10 at Baitang 11 at sa tersiyarya makikita ang mga mag-aaral na nasa una, pangalawa at apat na taon sa kolehiyo, kadalasan sa mga ito ay nagpapakadalubhasa sa Filipino.

Purposive sampling ang unang ginamit na paraan sa pagpili ng mga impormante at snowball technique ang ginamit upang patuloy na makuha ang iba pang mga impormante sa pananaliksik na ito.

Hiningi ng komite ng tesis na ito na magkaroon ng kahit lima o pataas na bilang ng impormante sa pag-aaral na ito. Ngunit ang bilang na limang mag-aaral sa bawat antas ang siya lamang inabot ng mananaliksik na impormante dahil sa pamantayang kinakailangan na magkaroon ang isang kalahok upang makasama sa pananaliksik na ito.

### 3.2 Paraan ng Paglikom ng mga Datos

Ang mga naitalang Spoken Word Poetry at nalikom na impormasyon sa pananaliksik na ito ay nanggaling sa mga mag-aaral na Sorsoganon na siyang impormante sa kasalukuyang pag-aaral mula sa 14 na bayan at isang lungsod (1) Sorsogon.

Bago naisagawa ang pangangalap ng mga datos ay naghanda muna ang mananaliksik ng isang liham na linagdaan ng mga tagapanguna ng institusyon. Gumawa ang mananaliksik ng liham pagpapaalam sa mga tagapamanihala ng Dibisyon ng Sorsogon at mga pamantasan ng Sorsogon na magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa kanilang mga mag-aaral sa probinsiya at lungsod ng Sorsogon.

Sa pagsisimula, gumamit ang mananaliksik ng *online platform* upang makibalita sa mga kakilala at guro ng iba't ibang paaralan patungkol sa mga mag-aaral na naging kabahagi sa pananaliksik na ito. Ibinigay ng mga guro ang pangalan ng mga mag-aaral na kinilala na mayroong panulat na mga Spoken Word Poetry. Tulad na lamang ng rekomendasyon ni Dr. Natividad De Ramon sa kanyang mga mag-aaral na sina Adrian Bongares, Mae Funtanar at Irish Catubig at gayundin si Ma'am Mary Anne Melitante kina Sheila Mae Tolosa at Cristina Español sa antas ng tersiyarya. Sa sekundarya naman, ang rekomendasyon ni Ma'am Marizann Andes kay Reihn Lintol. Samantala, ang iba pang mga rekomendasyon ay mula naman sa mismong mga impormante ng pananaliksik na ito.

Hinanap at muling nakipag-ugnayan ang mananaliksik mismo sa mga mag-aaral na nirekomenda ng mga guro at kakilala sa pamamagitan ng *online platform*. Personal na humingi ng pahintulot at nagbigay ng paliwanag ang mananaliksik sa layunin ng pag-aaral na ito, malugod na tinangap ng mga mag-aaral ang imbitasyon at nagbigay ng kanilang mga akdang Spoken Word Poetry. Nagbigay din ang mananaliksik ng talatanungan sapamamagitan ng *google form* upang sagutan ng mga nakuhang impormante sa pananaliksik.

Samantala, ang mga mag-aaral na sina Izien Llaneta at Dorothea Fate Anacan, ng elementarya, ang ginamitan lamang ng mananaliksik ng interbyu iskedyul at lahat na talatanungan gamit ang *google form.*

Sinimulan ang paglikom ng datos mula sa mga mag-aaral noong Disyembre 4, 2023 hanggang Mayo 29, 2024.

## IV. RESULTA

### MGA NATUKLASAN

Inilahad sa bahaging ito ang mga interpretasyon sa mga nakalap na akdang Spoken Word Poetry mula sa mga impormante ng pag-aaral na ito. Iprenesinta nang sunod-sunod ang mga datos upang matamo ang layunin ng pananaliksik.

Ang Talahanayan 1A ay nagpapakita ng iba't ibang paksain mula sa mga naisulat na Spoken Word Poetry.

**Paksain.**

Pagmamahal**.** Nangungunang paksain ng mga Spoken Word Poetry ang pagmamahal na makikita halos sa panulat ng mga mag-aaral sa tatlong antas. Nahati lamang ito sa iba't ibang klase ng pagmamahal, mayroong pagmamahal sa pamilya, magulang at pag-ibig na nararanasan ng mga kabataan sa kanilang kapwa.

**TALAHANAYAN 1A**

**Paksain ng mga Spoken Word Poetry**

| Paksain | Elementarya | Sekundarya | Tersiyarya |
|---|---|---|---|
| Pagmamahal | Pagmamahal sa pamilya<br><br>Pagmamahal sa magulang | Pag-ibig sa kapwa<br><br>Pagmamahal sa magulang | Pag-ibig sa kapwa |
| Karanasan | Karanasan sa paaralan<br><br>Karanasan ng pagkabata | Ala-ala ng mga karanasang di malilimutan | Karanasan ng pagkabata<br><br>Karanasan sa reyalidad ng buhay |
| Pag-asa at Paninindigan | Pag-asa sa buhay | Paninindigan sa buhay<br><br>Dignidad ng mga kababaihan<br><br>Paninindigan sa hindi patas na pamantayan ng lipunan | Paninindigan sa kakayahan ng isang tao<br><br>Paninindigan sa pagpapatawad ng kapwa<br><br>Paninindigan sa sariling pananaw<br><br>Paninindigan sa kagalingan mula sa Panginoon |
| Pagkakaibigan | Samahan ng pagkakaibigan | Kahalagahan ng pagkakaibigan | |
| Kalikasan | Nagagawa ng kalikasan sa buhay ng tao | Pag-aalaga ng kalikasan | |
| Nasyonalismo | | | Pagiging nasyonalismo<br><br>Kahalagahan ng Panitikan<br><br>Kalagayan ng Wika |

Pagmamahal mula sa pamilya ang kasalukuyan pinanghuhugutan ng lakas at inspirasyon sa buhay ng mga kabataan, kaya naman mas malapit sa puso ng mga mag-aaral na elementarya ang pagsulat ng mga akdang nakatuon sa sariling pamilya tulad na lamang ng akda ni Dorothea Fate Anacan na may titulong "Pamilya" kung saan tinalakay ang tradisyunal na sitwasyon ng isang pamilya, tulad ng sinabi sa kanyang mga pahayag na:

*"Pamilyang ubod nang saya*
*Kahit kapos sa pera*
*Kahit anong sitwasyon*
*Sila'y laging nandiyan*
*Nagtutulungan sa lahat ng oras"*

Ipinapakita na kahit mahirap ang kalagayan ng isang pamilya dahil sa kakulangang pinansiyal ay masayang napagtatagumpayan pa rin ang hamon na ito basta't sama-sama. Samantala, mas nagibabaw parin ang pag-ibig sa kapwa bilang paksain ng mga kabataang sekundarya at tersiyarya. Nagpapakita lamang ito ng mga karaniwang sitwasyon na nararanasan ng isang ganap na binata at dalaga sa kabanatang ito ng kanilang buhay. Makikita sa panulat ni Stephanie Aira Ladra na may titulong "Araw ng mga Puso" ang iba't ibang kalagayan ng pusong sumubok na maranasan ang pag-ibig, tulad ng pusong naalagaan, pusong iniwan at pusong umaasa.

Ito ay patunay lamang na hindi kayang pigilin ang anumang nararamdaman ng isang kabataan para sa kanyang kapwa kahit na katumbas pa nito ay kabiguan man. Ang mga karanasang ito ay bahagi na ng buhay ng mga kabataan kaya't ang maginhawang pagtanggap nito ay nagpapatibay ng isang pagkataong sinubok ng panahon, na maaari ding gamitin sa bawat pagharap sa hamon ng buhay.

Ang nabanggit na pagmamahal bilang paksain ng mga Spoken Word Poetry ay nagpapakita ng mga personal na pag-unlad ng isang mag-aaral sa kanilang pananaw sa buhay tulad ng pagpapahalaga sa pamilya, magulang, at tamang asal sa pag-ibig. Ito ay naayon sa binanggit na pag-aaral ni Matherly (2021)[6] na ang Spoken Word Poetry na maaaring makalikha ng panibagong pananaw sa anyo ng panitikan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng karanasan.

Karanasan. Karanasan ang pumangalawa sa mga paksain ng Spoken Word Poetry ng mga manunulat na Sorsogueño. Makikita sa paksaing karanasan ang mga pangyayaring naganap sa kanilang buhay simula ng pagkabata hanggang sa kasalukuyan.

Naroon sa mga panulat ng elementarya ang karanasan ng kanilang pagkabata at maging sa paaralan, ito ay naipahayag sa paraang payak at simple lamang na pagkakalarawan sa mga pangyayaring naganap sa kanilang buhay upang tukuyin ang nais ipahayag na karanasan.

Samantalang pagdating naman sa sekundarya at tersiyarya ang mga karanasang naipahayag ay mas may hugot na, ito ay patungkol naman sa pagbabalik tanaw ng kahapon at sa reyalidad ng buhay. Katulad ng panulat ni Troy Estolas na “Larawan” sinabi ang:

*“Habang nakaupo sa isang silya*
*Nasilayan ko ang isang larawan na tila ba’y pakupas na*
*Larawang puno puno ng mga ala-ala”*

Ito ay nagpapahiwatig ng mas malalim na koneksyon sa isang larawan na kahit makupas man ay naroon parin ang mga ala-ala ng kahapon. Ang mga ito ay nagpapatunay na bukas ang kanilang kamalayan sa mga bagay at sitwasyong naging parte ng kanilang pagkatao. Ang mga karanasan ng kabataang manunulat ang nagbibigay tatag sa kanilang motibasyon sa buhay na magpursige at maging matagumpay upang maitawid anuman ang hindi kanais nais na karanasan na kanilang kinasasadlakan.

Ang paksaing umikot sa karanasan ng mga kabataang mag-aaral ay nagpapakita ng pagkilala sa kanilang di matatawarang karanasan sa buhay, nagsilbing patnubay upang bumuo ng sariling pagkakakilanlan bilang natatanging indibidwal, katulad ng sinabi ni Kesselring (2016)[7] na sa pamamagitan ng Spoken Poetry nabubuo at naisasaayos ng manunulat ang kanilang pagkakakilanlan sa sarili.

Pag-asa at paninindigan. Ang paksaing patungkol sa pag-asa at paninindigan ay makikita sa mga nagawang Spoken Word Poetry ng mga mag-aaral ng Sorsogon sa tatlong antas; elementarya, sekundarya, at tersiyarya. Makikitang nakapokus ang mga panulat ng elementarya sa paksaing pag-asa, kung saan tumukoy ito sa pagtitiwalang makamit ang mga bagay na inaasam ng kanilang mga puso.

Samantala, makikita naman ang paninindigan bilang mga paksain sa mga akda ng sekundarya, nariyan ang paninindigan sa sariling buhay, panindigan sa dignidad ng mga kababaihan at paninindigan sa hindi maaayos na pamantayan ng lipunan. Ang manunulat ay nagbigay puna sa mga kakaibang galaw ng tao sa lipunan at kung paano reaksyon nito sa mga kaganapan sa kanyang kapaligiran. Emosyonal na kalayaan naman ang naging sentro ng paksain ng mga akda ng tersiyarya katulad ng pagpapatawad sa kapwa, paninindigan sa sariling pananaw, kagalingan mula sa Panginoon at maging paninindigan din sa kakayahan ng isang may kapansanan.

Isa si Juliana Nicole Llosala, elementarya, sa nagbigay diin sa kanyang mga akda ng paksaing patungkol sa pag-asa, ang malaking pag-asa na maabot ang pangarap at makabangon sa kabila ng pagkapagod at kawalan ng pag-asa. Makikita ito sa kanyang akda na “Pagod”, sinabing:

*“Pagod na ako*
*Kahit alam kong kaya ko pang magbuwis ng buhay*
*Kahit alam kong hindi ko kaya lahat ng bagay*
*Hindi ako pwedeng sumuko*
*Kase inaasahan ako ng sarili kong mga paa na dalhin*
*ang sarili patungo sa taas ng trono”*

Mahihinuha sa salaysay ang pagkapagod ng isang tao, ngunit ganunpaman, naroon parin ang kanyang puso na magpatuloy at lumaban dahil sa pag-asang magkakamit din ang tagumpay sa buhay sa takdang panahon. Ipinapakita na ang mga elementarya ay mas malapit sa paksaing ito dahil nasa yugto pa sila ng murang edad na may busilak na pananampalataya sa mga bagay na nais makamit sa buhay. Ang paghihintay na ito ay paninindigan din ng isang tao sa bagay na kanyang pinaniniwalaan, tulad ng sinasabi sa akda ni Reihn Lintol na “Buhay” sinabi ang mga katagang:

*“Ang lahat ay tuluyan ng pinaubaya sa alaala*
*At tanggap na rin na ito’y tapos na*
*Masaya akong makalaya*
*Sa matagal na pagkakakulong sa sakit na dala-dala”*

Makikita ang positibong reaksyon ng manunulat sa mga hirap na pinagdaraanan habang naghihintay. Ang panindigan sa buhay ng isang tao ay sapat upang maipaglaban ang kanyang pinaniniwalaang katotohanan at maipahayag ito kapwa upang maisaayos anuman ang maling nakikita sa kapaligiran. Sa paninindigan din makikita ang pagtayo sa tama at paglaban sa mga prinsipyo o paniniwala kahit kaakibat nito ay hirap sa pagtanggap ng mga bagay na nagbigay ng ibayong sakit sa nakaraan tulad ng paksaing paninindigang magpatawad sa akda ni Cristina Español, mag-aaral na tersiyarya, na “Pag-usad”, sinabing:

*“Bawat tao ay may hirap na hinaharap sa buhay*
*Ngunit ito ay ating gabay”*

Makikita sa pahayag ang paninindigan na tuluyang magpatawad sa kasalanang nagawa ng isang tao. Ito ay nangangahulugan ng paglayang emosyonal sa mga masasakit na dalahin sa buhay. Ang paksain patungkol sa pag-asa at paninindigan ay malimit gamitin ng mga kabataan dahil sa mga personal na karanasan sa usaping ito.

Ang mga paksaing ito ay nagbibigay inspirasyon sa kapwa kabataan tulad ng tinuran ni Jarin (2015)[8] na ang tula ay malikhaing pagpapahayag ng tiyak na ideya at pananaw bunga ng kinalamay na emosyon, obserbasyon at paninindigan upang maging putahe na nanamnamin at magreresulta dapat ng maigting na transpormasyon sa katauhan ng mambabasa, kaya’t sa mga inihayag na Spoken Word Poetry ng mga manunulat na Sorsoganon ay makikita ang hikayat sa mambabasa na manindigan din ng tulad ng nagsasalita sa kanilang akda.

Pagkakaibigan. Tinukoy sa paksaing pagkakaibigan ang samahan at kahalagahan ng pagkakaibigan na makikita sa mga panulat ng elementarya at sekundarya. Samahan ng pagkakaibigan ang naging pokus ng mga manunulat na elementarya na

nagbibigay daan sa kanilang mga karanasan sa paaralan kung saan kalimitang natatagpuan ang mga itinuturing na kaibigan, katulad ng makikita sa akda ni Margoux Arca na “Kaibigan kong si Bea”, inilahad ang:

*“Kami ay magkukwentuhan*
*Sama-samang tatawa*
*sa mga biruan ng bawat isa”*

Ipinapakita ang nabubuong samahan dahil sa pagsasama-sama ng mga kabataan. Inilarawan sa mga akda ang karanasan ng magkaibigan sa payak na pamamaraan, simpleng mga kaganapan sa pangaraw-araw na buhay ng isang samahan. Makikita naman ang pagbibigay puna sa kahalagahan ng pagkakaibigan bilang sentro ng mga paksain sa sekundarya tulad ng akda ni Mary Cris France na “Tanong”, sinabi ang mga salitang:

*“Kaibigan ikaw ay aking pinagkatiwalaan*
*Minahal ng lubusan”*

Ito ay nangangahulugan ng damdaming naiukol sa isang tao bilang kaibigan. Ang ugnayan sa isa’t isa ng mga magkakaibigan ang ginagawang halimbawa ng mga sekundarya upang maisaayos ng kapwa kabataan ang kanilang relasyon sa kapwa at mapaigting ang samahan kasama ng itinuturing na kaibigan.

Ayon sa artikulo ni De Guzman (2007)[9], ang pagkakaibigan ay nagiging malaking bahagi sa buhay ng mga kabataan, ang pagkakaibigan ay nagbibigay ng mga positibong oportunidad kahit na sa mga negatibong katangian nito. Patunay na malaki ang epekto ng pagkakaibigan sa pananaw ng isang kabataan kaya’t kahit sa panitikang kanyang tinatangkilik ay naroon ang bakas nito, ang Spoken Word Poetry ay naging tulay lamang upang maibahagi ng isang kaabataan ang tunay na saloobin pagdating sa usaping pagkakaibigan katulad ng naipahayag ng mga nakilahok ng pag-aaral na ito.

Kalikasan. Makikita sa paksain ng mga manunulat na elementarya at sekundarya ang tungkol sa kalikasan, kung saan ipinahayag ang kanilang kamalayan at pagmamalasakit sa kapaligiran. Ang mga mag-aaral na elementarya ay binigyan pansin ang paksaing nakatuon sa nagagawa ng kalikasan sa buhay ng tao. Ang pagkilala sa mga bagay sa kapaligiran ay pagkilala sa mga nagagawa nito sa tao tulad ng mga bulaklak at mga pananim na tinukoy sa akda sa mag-aaral na si Dorothea Fate Anacan sa kanyang mga panulat na “Bulaklak”, sinabi ang:

*“Nagpapasaya sa mga tao*
*Kanilang pinagmamasdan*
*Sa pagsibol ng mga bulaklak*
*Katumbas ay ngiting tagumpay”*

Ipinaliwanag ang kasiyahan ng mga tao sa pag-aalaga ng bulaklak. Makikita ang pakinabang nito sa tao at sa kapaligiran na nagsisilbing tahanan ng tao. Binigyan diin naman ng sekundarya ang paksain tungkol sa pag-aalaga ng kalikasan sa pag-asang maging panawagan ito para sa lahat. Ang paglala ng mga nangyayari sa kapaligiran ay lubos na ikinangamba ng manunulat na sekundary kaya lumitaw sa kanynag mga panulat ang paksaing ito.

Inihayag na ang pagpuna sa kapaligiran ng manunulat na si Troy sapamamagitan ng kayang Spoken Word Poetry ay maaaring magkaroon ng epekto sa kasalukuyang pananaw ng tao sa kanyang kapaligiran at maisaayos ito batay sa ikauunlad at pagpapanatili ng angking natural na ganda ng kalikasan tulad ng binanggit ni Stewart (2017)[10], na ang Spoken Word Poetry ay bilang sagot at karaniwang pamamaraan sa pagpuna sa pamamagitan ng pagtugon sa binigkas na salita ng pintor bilang isang mahalagang aktor na gumagamit ng paggawa ng kuwento.

Nasyonalismo. Makikita sa mga naitalang Spoken Word Poetry na ang mga mag-aaral sa tersiyarya lamang ang nagbigay pansin sa paksaing tumalakay sa nasyonalismo, kasama ang panitikan at kalagayan ng wika. Mapapansin din na ang kalimitang nakapagsulat ng mga paksaing ito ay mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino kung saan naroon ang kanilang buong kamalayan sa mga pangyayaring nagaganap sa loob ng sistema at karerang kanilang tinatahak.

Nailahad sa mga akdang nagawa ni Mae Funtanar na “Punong-puno at Maaari ba?” ang paksaing patungkol sa nasyonalismo at kalagayan ng wikang Filipino sa kasalukuyan. Ginawa ang naturang Spoken Word Poetry sa pag-asang maisatinig ang malasakit sa dangal ng bansa. Ayon sa talata ng akdang “Maari ba?” sinabing:

*“Mas hilig pang manood ng K DRAMA at teleserye*
*Batid ba natin ang mga maaksyong pelikula ni Da King*
*O mas batid nating kiligin sa oppang si Hyun Bin*
*Hindi na tayo nakakapaglaro ng patintero’t tumabang preso”*

Makikita sa talata ang kaugalian ng isang kabataan sa panahon ngayon, ang pagkiling sa gawang dayuhan ng mga kabataan sa kasalukuyan henerasyon ay binibigyang puna ng manunulat na tersiyarya. Ang unti-unting pagbabago sa mga nakakahiligan ay hindi nakatutulong sa pagpapalakas ng sariling bansa kundi nagpapahina ng nasyonalismo sa buhay ng mga kabataan. Samantala, ipinakita sa paksaing panitikan na panulat ni Adrian Bongares ang tunay na pagkilala at pagtangkilik sa sariling panitikan, ipinakita ang isang tradisyunal na kuwento ng mga Pilipino sa “Alamat ng Sampaguita” at inilahad ang:

*“Iyo na bang napakinggan ang tungkol sa isang alamat?*
*Isang kwento ng pag-iibigang tapat nin Liwayway ay Tanggol*
*Mula noon gang haring araw ay masayang sumisibol*
*Iyo sanang pankinggan ang kanilang kwento”*

Tampok sa kwentong ito ang mga tauhan na makikita sa isang kwentong salig sa panitikan ng mga Pilipino. Dito makikita ang tunay na tradisyon pagdating sa usaping panitikang umiiral sa bansa na pinasikat ng mga ninuno. Maging ang wika ay ganun din ang kalagayan sa buhay ng mga kabataan, imbes na gamitin ang wikang Filipino bilang wikang pambansa ay mas binibigyan ng pansin ang lenggwahe ng iba tulad ng *“Hangeul”* ng Korya. Ang paksaing patungkol sa nasyonalismo ay malapit sa damdamin ng mga kabataang tersiyarya dahil sa kanilang malasakit sa bansa.

Sang-ayon kay Callenero (2004)[11] sa kanyang pananaliksik na sa wikang Filipino nakasalalay ang matagumpay na paghahatid ng mga ideya sa kapwa Pilipino, na kung saan pinatunayan lamang ang kahalagahan ng wikang Filipino na nakapaloob sa ginawang akda ni Mae Funtanar.

**TALAHANAYAN 1B**
**Aral na Makikita sa Spoken Word Poetry**

| Aral | Elementarya | Sekundarya | Tersiyarya |
|---|---|---|---|
| Pagmamahal ang pinakamahalagang sangkap sa pagpapanatili ng isang relasyon | Kahit mahirap ang sitwasyon basta't sama-sama ang pamilya napagtatagumpayan din<br><br>Ang pag-aaruga ng magulang sa mga anak ay sapat upang ibalik ang nakamtang tagumpay nito | Ang pagmamahal ng magulang ay walang hanggan<br><br>Ang tunay na pag-ibig ay matiisin, mapagpakumbaba at mapagpalaya | Kakambal ng pag-ibig ang sakripisyo bagamat naroon parin ang pangako ng ligaya sa bandang huli<br><br>Huwag mangako ng pag-ibig sa kapwa kung hindi naman kayang tuparin |
| Ang pagpapahalaga sa karanasan ay gintong ala-ala ng isang tao | Pahalagahan ang karanasan ng pagkabata<br><br>Ang katiyagaan sa gawaing pampaaralan ay karanasang huhubog sa pagkatao ng bata | Ang ala-ala ng kahapon ay madalas makita sa mga bagay na binigyan ng kaukulang halaga | Sulitin ang pagkabata dahil kapag tumanda na, tadhana na rin ang kalaro<br><br>Ang katatagan sa bawat laban ng buhay ay karanasang nagbibigay lakas |
| Magkaroon ng pag-asa sa lahat ng oras at laging manindigan para sa tama | Pagbangon sakabila ng pagkapagod at kawalan ng pag-asa | Paninindigan sa pantay na pagtrato sa mga kababaihan<br><br>Magkaroon ng pag-asa sa buhay na bigay sa atin ng Diyos<br><br>Maninidigan sa pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay | Hindi hadlang ang kapansanan upang manindigan sa kakayahang maaaring gawin<br><br>Magkaroon ng paninindigan sa tamang gamit ng kayamanan<br><br>Ang pagpapatawad at kagalingan ng Panginoon ay kalayaan at pag-asa ng buhay |
| Ang pagkakaibigang tapat, samahan ay tumatagal | Ang tunay na pagkakaibigan ay hindi nagiiwanan sa kahit na anong problema | Ang pagbibigay halaga sa kaibigan ang nagpapatibay sa samahan | |
| Mayaman ang kalikasan na ibinigay sa tao kaya't nararapat lamang na pangalagaan ito | Kasipagan sa pagpapaunlad ng kalikasan ang pairalin upang laging may aanihin | Ang pagpapahalaga sa kalikasan ay pagpapahalaga sa kinabukasan | |
| Nararapat lamang na tangkilikin ang yaman ng sariling bansa | | | Tangkilikin ang sariling atin<br><br>Pagyamanin ang sariling wikang Filipino |

**Aral.**

Pagmamahal ang pinakamahalagang sangkap sa pagpapanatili ng isang relasyon. Pagmamahal ang tawag sa emosyon na may pagmamalasakit, pagaalala at espesyal na pagtingin sa isang tao. Nakatuon sa mga katangian ng pagmamahal ang nanguna sa mga aral ng Spoken Word Poetry na naisulat ng mga mag-aaral sa tatlong antas, naroon ipinakita ang mga nagagawa ng sama-samang pamilya at pagkamit ng tagumpay para sa magulang na inilahad ng mga elementaryang manunulat. Ipinapakita na ang mga aral na kadalasang nauunawaan at nagmamarka sa murang kaisipan ng mga bata ay nakaugnay sa pamilya tulad ng aral na makikita sa akda ni Dorothea Fate Anacan na "Pamilya" sinabing:

*"Sama-samang nagtatrabaho*
*Mga gawaing bahay ay medaling natatapos*
*Kasama ang pamilya sa bawat hamon ng buhay"*

Ipinaliliwanag sa talatang ito ang kahalagahan ng sama-samang pagtutulungan ng miyembro sa bawat gawaing pampamilya. Binigyan-diin naman ng mga sekundarya at tersiyarya ang mga aral na sumasaklaw sa pag-ibig sa kapwa bilang hindi lamang ligaya ang dulot kundi ito ay matiisin, mapagpakumbaba, mapagpalaya at kakambal ang sakripisyo. Tulad ng akda ni Sheila mae Tolosa na "Kung hindi ikaw H'WAG na" kung saan isinalaysaya ang:

*"Kahit ako'y iyong iniwan*
*Kahit nawala ang iyong pag-ibig na aking inaasam-asam*
*Kahit pa humakbang ka at pumunta sa kalayuan*
*Ako'y mananatiling iibig sayo"*

Ipinakita sa pahayag na ito ang katangian ng pag-ibig na handang magpalaya at magsakripisyo para sa minamahal. Ito ay kalimitang hango sa tunay na pangyayaring nagaganap sa buhay ng mga kabataan at kung minsan ay sa nasaksihang kabanata ng buhay ng kapwa mga kabataan.

Mahalaga ang pagkakaroon ng pagmamahal na karaniwang nabubuo sa pamilyang pinagmulan. Sinabi ni Juanitez (2015)[12] na ang kahalagahan ng buong pamilya ay kayang harapin ang mundo na buo ang pagkatao. Makikita na ang iba't ibang uri ng pagmamahal ay nakaangkla sa pagmamahal na binigay at naiparamdam ng isang pamilya.

Ang pagpapahalaga sa karanasan ay gintong ala-ala ng isang tao. Pumangalawa ang mga aral na patungkol sa karanasan sa nagbigyan ng pansin sa mga Spoken Word Poetry na naisulat ng mga mag-aaral sa Sorsogon. Naipakita ng mga manunulat sa tatlong lebel ang kanilang mga natutunan sa buhay sapamamagitan ng mga aral na naisalaysay upang magbigay din ng paalala sa iba. Umikot ang mga aral ng elementarya sa pagpapahalaga sa karanasan ng pagkabata at ang pagiging matiyaga sa gawaing pampaaralan, ang mga ito ay kadalasang makikita mismo sa pangaraw-araw na buhay ng karaniwang bata. Katulad ng sinabi sa akda ni Arianna Xianelle Maceda na "Larong Pinoy" sinabi ang:

*"Masarap maglaro*
*Lalo na kasama ang barkada*
*Sa "habulan" at "sigawan"*
*Kami ay talagang mapapahalaklak"*

Ipinakikita sa pahayag ang masayang larawan ng mga bata sa paglalaro sa kalye kasama ng iba pang mga bata, mahihinuha ang mababaw na dahilan ngunit totoo sa kanilang mga puso na pinaghuhugutan ng kasiyahan ng mga bata. Dito napapahalagahan ang karanasang minsan ay makapaglaro ng walang anumang isinasaalang-alang. Samantala, ang paaralan bilang pangalawang bahay ay nagbibigay din ng mga karanasang di malilimutan at humuhubog ng tamang asal sa mga kabatan habang lumalaki. Sa sekundarya ay mas malalim ang aral ng karanasan kung saan tinukoy ang pagbabalik tanaw sa mga ala-ala ng kahapon sapamamagitan ng mga bagay na naitago o maaaring lumang kagamitan na minsang nagbigay ng malaking bahagi ng kanilang pagkabata. Ito ay makikita naman sa akda ni Troy Estolas na "Larawan" sinabi ang:

*"Yaong larawan*
*Ay aking iingatan*
*Makupas man ito ng kalaunan*
*Patuloy ko pa rin itong papahalagahan"*

Ipinaliwanag sa talata ang kahalagahan ng isang lumang larawan ngunit lubos na nagbigay ng ala-ala sa nakaraan. Maipagpapalagay ang personal na koneksyon ng bagay na iyon sa buhay na mayroon ang isang tao na kalakip ang damdaming naiukol sa mga panahong nangyayari ang karanasan. Makikita naman sa tersiyarya ang mga aral sa paraang may pagkukumpara ng karanasan mula sa pagkabata hanggang nasa tamang edad na upang maranasan ang mga mabibigat na dalahin sa buhay.

Maraming mga manunulat ang naglaan ng kanilang oras sa pagsulat ng mga akdang patungkol sa karanasan na nagbigay ng iba't ibang aral, ayon nga kay Esch (2002)[13] na ang panitikan ay tumutukoy sa anumang nakasulat, malikhain at masining na pagpapahayag ng emosyon ng tao, at nag-iiwan ng kakintalan sa iba pang tao. Pinagtitibay nito ang mga aral na nailahad sa mga Spoken Word Poetry dahil sa mensaheng iniiwan nito para sa madla at nagiiwang kakintalan sa kapwa.

Magkaroon ng pag-asa sa lahat ng oras at laging manindigan para sa tama. Paninindigan ang paniniwala sa isang opinyon nang may buong tatag at walang pag-aalinlangan. Inilahad ang mga aral na may kinalaman sa paninindigan at pag-asa sa mga ginawang spoken word poetry ng mag-aaral mula sa elementarya, sekundarya at tersiyarya. Sa elementarya, makikitang pinagtuunan ng pansin ang aral patungkol sa pagbangon sa kabila ng pagkapagod at kawalan ng pag-asa tulad ng makikita sa panulat ni Juliana Nicole Llosala na "Pangarap" kung saan sinabi ang:

*"Pagod na ako*
*Ngunit kailangan kong bumangon"*

Naibabahagi ang masidhing damdamin na magpatuloy sa buhay sakabila ng pagkapagod sa mga nararanasang hirap at pagsubok. Sa sekundarya naman ay mas lumalim ang aral sa paninindigan na tumukoy sa paninindigan sa pantay na pagtrato sa mga kababaihan, pagkakaroon ng positibong pananaw at pag-asa sa buhay. Inilalarawan ang lubos na kamalayan ng isang kabataan sa mga isyung panlipunan na napagmamasdan at binibigyan ng reaksyon sapamamagitan ng mga aral sa kanilang sulatin na makikita tulad ng sinabi sa akda ni Reynell Tuazon na "Husgado", isinaad ang:

*"Sa Pilipinas kapag naka short ka mala Aubrey kana*
*Kapag balot na balot ka di ka daw marunong pumorma"*

Makikita sa pahayag ang mga negatibong pag-iisip ng tao kung saan nagiging kasiraan ng kapwa, kaya ibinigay na aral sa akda na ito ang *"Maninindigan sa pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay"*. Inihahatid ng may-akda na alisin ang mga pananaw na ito upang magkaroon ng kapayaan sa pagitan ng mga tao sa lipunan. Pagdating naman sa tersiyarya ay makikita ang mga aral tulad ng, ang kapansanan ay hindi hadlang upang makapagpahayag ng saloobin, kamangmangan ang magtiwala sa kayamanan at ang pagpapatawad at kagalingan ng Panginoon ay kalayaan at pag-asa ng buhay na makikita sa akda ni Sheila Mae Tolosa na "Paghilom", isinaad ang:

*"Tunay na sya ang hihilom sa atin sa darating na mga araw*
*Mga taon at magpakailanman*
*Nais lamang nyang makita natin sya, lumapit tayo sa kanya*
*Nais nyang malaman natin na ang tunay na paghilom ay nasa kanya"*

Sinasabing sa Diyos lamang matatagpuan ang tunay na kagalingan sa bawat sugat ng kahapon. Kailangan lamang magkaroon ng pag-asa sa pagpapatawad na ibinigay upang mapalaya ang sarili sa kinikimkim na galit at sakit na dala ng mga karanasan sa buhay. Ang mga ito ay tumutukoy sa karaniwang katangian ng tao na kalimitang nagagawa ngunit nangangailangan ng paninindigan upang maisakatuparan.

Pinagtibay ni Dill (2013)[14] ang pagkakaroon ng positibong epekto ng Spoken Word Poetry, sa pamamagitan nito nagsisilbi itong panglunas o healing, pagpapalakas sa sarili o empowerment, personal at interpersonal na pagbabago, at anti-oppresive na mga kataga ay may kapaki-pakinabang na epekto sa mismo nitong manunulat. Dahil sa mga naitalang aral ay makikitang nagkakaroon din ng pagbabagong personal mga manunulat sa ideya ng pag-asa at paninindigan.

Ang pagkakaibigang tapat, samahan ay tumatagal. Pagkakaibigan ang tawag sa samahan ng dalawa o higit pang tao, ang mga mag-aaral sa elementarya at sekundarya ay nagpahayag ng mga aral na patungkol sa pagkakaibigan sa kanilang mga sulatin. Ibinigay na paalala ng mga nagawang spoken word poetry sa elementarya na ang tunay na pagkakaibigan ay walang iwanan sa kahit na anong problema tulad ng makikita sa akda ni Izien Llaneta na "Pagmamahal na walang hanggan" sinabi ang:

*"Kami ay magkaibigan*
*Laging nagdadamayan*
*At kahit na anong hamon*
*Nagtutulungan"*

Ipinapakita sa pahayag ang kalagayan ng isang pagkakaibigang sinubok ng mga problema. Ang pagtutulungan ng bawat isa ay malaking motibasyong upang malampasan ito ng may katatagan at katagumpayan. Kaya't sinasabi na malaki ang papel na ginagampanan ng kaibigan sa buhay ng isang tao, dito nabubuo ang maayos na pakikipagkapwa at pakikisalamuha sa lipunan. Hindi ito kayang tawaran ng kahit na ano pa mang bagay sa buhay ng isang tao. Samantala, sa sekundarya naman ay nagpakita ng mga aral na ang pagkakaibigan ay dapat ingatan at pahalagahan upang lalong tumibay ang samahan, tulad na lamang ng sinabi sa akda ni Mary Cris France na "Kaibigan",

*"Dahil ako'y naging mabuti sayo*
*Ngunit ano ang sinukli mo*
*Pait at panglalait"*

Ipinakita ang naging resulta ng isang pagkakaibigang hindi nabigyan ng kaukulang pagpapahalaga upang sana'y tumibay, kaya't ang damdaming naialay para sa itinuring na kaibigan ay nagkaroon ng lamat at tuluyang na ngang naglaho. Ito ay naglalarawan ng hindi mabuting ugnayan sa kapwa bunga ng kabiguan sa mga bagay na inaasahan sa itinuturing na kaibigan.

Pinagtibay ng DepEd (2003) banggit nina Deborah Beatrice V. Alojado et al. (2020)[15] na ang *Solid Waste Management* ay may polisiyang naglalayong himukin ang pribado at pampublikong paaralan na manunguna sa pagprotekta ng kapaligiran. Pinatunayan lamang ng programang ito na parte ang paaralan upang mabigay ng aksyon sa pangangalaga ng kalikasan.

Nararapat lamang na tangkilikin ang yaman ng sariling bansa. Ang bawat bansa ay may kanya-kanyang pagkakakilanlan at ipinagmamalaking sariling kultura. Tinatangkilik ito ng mga mamamayan na naninirahan dito, ginagamit at patuloy na pinauunlad para sa ikasasagana ng sariling bayan. Kaya naman makikita ang mga mag-aaral na tersiyarya na nagkaroon ng damdamin at nagbigay ng aral patungkol sa nasyonalismo. Binanggit sa mga aral ang tungkulin ng mga Pilipino na tangkilikin ang sariling atin at ang pagpayamanin ang wikang Filipino. Katulad ng pagtangkilik ni Adrian Bongares sa panitikang umiiral sa bansa, makikita sa kanyang akda na "Alamat ng Sampaguita" ang:

*"Iyo na bang napakinggan ang tungkol sa isang alamat?*
*Isang kuwento ng pag-iibigang tapat nina Liwayway at Tanggol"*

Ipinapakita sa talatang ito ang isang panitikan sa anyo ng kuwento na kadalasang gawa ng mga Pilipino, ang pag-iibigan ng mga karakter sa kuwento. Sapamamagitan ng mga panitikang ito ay nagagawang buhayin ang panitikang gawa ng mga ninuno at mapanatili ito sa buhay ng mga kabataan. Binigyan-diin ito ng mga tersiyarya sa pagnanais na mamulat ang mga kapwa kabataang Pilipino sa gitna ng patuloy na paglaganap ng mga gawang dayuhan sa bansa. Ang panawagan na ito ay nagsisilbing gabay ng manunulat sa pakikiisa sa mga gawaing magbibigay parangal sa kultura at pagkakakilanlan ng bansa at sa pag-asang maipaabot din sa iba.

Sinabi sa pag-aaral nina Carl Louie P. Gabuya et al. (2018)[16] na sa pagtangkilik ng banyagang kultura ay maaaring naaapektuhan ang bansa sapagkat kaysa tangkilikin ang sariling atin ay mas binibigyan pa ang kulturang banyaga. Pinatitibay nito ang aral na tangkilikin ang sariling atin, Kaya naman ginamit na daluyan ang Spoken Word Poetry upang maipaabot ang aral na patungkol sa pagiging nasyonalismo.

**Kasanayang Pampagkatuto.**

Ang talahanayan 1C ay nagpapakita ng mga kasanayang pampagkatuto na makikita sa paggawa ng Spoken Word Poetry.

**Elementarya.**

Ang kasanayang pampagkatuto ang nagiging gabay ng ganap na pagkatuto sa paaralan. Makikita sa elementarya ang mga kasanayang pampagkatuto na *"Nakakasulat ng maikling tula"* pareho sa Baitang 5 at Baitang 6. Ang mga ito ay makikita sa K to 12 Gabay Pangkurikulum-Filipino ng Kagawaran ng Edukasyon na sinusunod ng mga pampublikong paaralan. Dahil sa popularidad ng Spoken Word Poetry ay mas naging kapansin-pansin sa mga kabataan ang paggawa nito kumpara sa tradisyunal na tula, kaya kadalasan ay nagagawang ilapat ng mga guro ang interes ng kabataan sa Spoken Word Poetry upang maging halimbawa ng mag-aaral sa pagsusulat ng kanilang mga sariling tula. Makikita sa talahanayan ang kasanayan sa pagsulat ng tula mula sa Baitang 5 hanggang sa Baitang 6, *"Nakasusulat ng maikling tula (F5PU-Ie-2.2) at Nakasusulat ng tula (F6PU-III-e-2.2)"* ito ay nagpapakita ng papataas na kasanayan na kailangang pagdaanan ng isang mag-aaral simula Baitang 5 hanggang Baitang 6 na nakaayon pa rin sa kasalukuyang kurikulum.

**TALAHANAYAN 1C**
**Kasanayang Pampagkatuto na Makikita sa Pagsulat ng mga Spoken Word Poetry**

| Elementarya | Sekundarya | Tersiyarya |
|---|---|---|
| Nakasusulat ng maikling tula (F5PU-Ie-2.2)<br><br>Nakasusulat ng tula (F6PU-III-e-2.2) | Naibibigay ang kahulugan ng matatalinghagang pananalita na ginamit sa tula (F10PT-IIc-d-70)<br><br>Naisusulat ang sariling tula na may hawig sa paksa ng tulang tinalakay (F10PU-IIe-75)<br><br>Nakasusulat ng sulating batay sa maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika (CS_FSD11/12WG-Oo-q-94)<br><br>Nabibigyang-kahulugan ang iba't ibang simbolismo at matatalingha-gang pahayag sa tula (F10PB-IIIc-82)<br><br>Naisusulat ang sariling tula na lalapatan din ng himig (F10PU-IIIc-80) | Pagsulat ng payak na tula gamit ang kaalaman sa mga elemento, sukat at anyo ng tula (1.1.1)<br><br>Malikhaing Gawain Pagpapakita ng kaalaman sa panitikan sa pamamagitan ng pagsulat ng;<br>• Spoken poetry (1.7.1)<br><br>Pagbuo ng tula, spoken poetry, sanaysay, maikling kwento, nobela, anekdota at dula (script) ang kahilingang awtput (1.1.1) |

Makikita sa akda ni Juliana Nicole Llosala, baitang 6, na pinamagatang "Pangarap" ang kasanayang *"Nakasusulat ng tula",* itinala sa akda ang:

*"Mga panahong sabay tayong nagsulat ng pangarap*
*Mga araw na nagtatawanan pa tayo*
*O kaya kunakanta ng kantang paborito*

*Tuwing dapit hapon tayo'y maguusap*
*Kung papano tayo lilipad sa alapaan*
*Kukunin ang mga tala, iwawagayway ang bandera*
*Ilalagay ang medalyang ginto*
*Para malaman mong nagawa natin to*

*At heto ako ngayon nagiisa*
*Binubuo ang mga huling pahina*
*Naghihintay umiyak sa mga tala*
*Dahil ayoko pa sanang tapusin ang ating storya*
*Ngunit tama na, wala ka na*

*Heto ako ngayon at tapos na*
*Lilipad na ako ngayon sa mga tala*
*Ilalagay na sayo ang medalyang ginto*
*Mula sa laban ko*

*ang mga araw na nagdahan*
*Nakahimlay ka na lamang sa higaan*
*Nakangiti saakin upang sabihing wag mag alala gagaling ka*

Ipinapakita sa nabuong spoken word poetry na nagkakaroon ng unti-unting pagbabago sa paraan ng pagkakagawa ng mag-aaral, ito ay nagkaroon ng mas mataas na paggamit ng salita sa bawat taludtud. Marahil dala ito ng pagkatutong nakuha sa nakaraang baitang kaya't nagkaroon ng pag-unlad sa mga sumunod na ginawang akda sa Baitang 6.

Ayon naman sa pag-aaral ni Boyaddjieva at Petya Ilieva-Trichkova (2019)[17] na sapamamagitan ng Spoken Word Poetry napapataas ang posibilidad na makapasok ang mga mag-aaral sa mas mataas na edukasyon. Ipinapakita lamang nito ang pagkakataong lalo pang magsumikap ang mga kabataang maabot ang mas mataas na edukasyon dahil sa inspirasyong naibibigay ng kanilang mga nalilinang na pananaw at talento sa pagsulat ng mga akdang pampanitikan.

**Sekundarya.**

Ang pagtupad sa mga kasanayang pampagpakatuto ay nagbibigay linaw sa ginagawang pag-aaral sa loob ng klasrum. Makikita ang mga kasanayang ito sa iba't ibang lebel ng sekundarya kung saan naitala sa talahanayan ang kasanayang pampagkatuto na patungkol sa paggawa ng tula mula sa Baitang 10 at Baitang 11. Ang mga kasanayang ito ay napili dahil sa ang mga kalahok na manunulat ay mula sa mga Baitang 10 at 11. Katulad ng isinulat ni Reihn Lintol na may pamagat na "Buhay":

*"Ang ating buhay ay inalay ng nasa itaas,*
*kaya wag niyo agad bigyan ng wakas.*
*bawat problema at pag-subok ay harapin*
*upang magandang buhay ay iyong lasapin.*
*ang pag tapos ng buhay ay hindi solusyon*
*sapagkat ito ay hindi tamang desisyon.*

Makikita sa naisulat na Spoken Word Poetry ang kasanayang *"Naisusulat ang sariling tula na lalapatan din ng himig" (F10PU-IIIc-80)*, ito ay dahil sa tugmaan na makikita sa hulihang bahagi ng bawat taludtud.

Ayon naman sa pag-aaral ni Törnqvist 2019[18] natuklasan sa kanyang pag-aaral na ang pagbibigay sa mga estudyante ng pagkakataong pumili sa pagitan ng pagsusulat at pagsasagawa ng grupo o sa kanilang sarili ay may pinakamalaking epekto sa kanilang motibasyon na magtagumpay. Binibigyan diin nito na sapamamagitan ng mga kasanayang pampagkatuto na patungkol sa pagsulat ay nakukuha ang interes ng mga mag-aaral, ang pagbibigay ng sapat na oras upang maisagawa ito ay karagdagang motibasyon upang lalong piliin ng mga kabataan ang pagsulat ng akda tulad ng Spoken Word Poetry.

**Tersiyarya.**

Nagiging ganap ang kahusayan ng isang manunulat dahil sa mga kasanayang naibibigay sa paaralan at sa patnubay ng mga kaguruan, nagagawang sanayin ang mga talentong ito bilang kakayahang nagagamit maging sa pansariling kapakinabangan. Makikita sa talahanayan 1C ang iba't ibang kasanayan tulad ng *"Pagsulat ng payak na tula gamit ang kaalaman sa mga elemento, sukat at anyo ng tula"* katulad ng makikita sa panulat ni Irish Catubig na "Hibang" makikita sa akda ang:

*"Sa pagkumpas ng bawat musika*
*Iyong mukha agad ang naaalala*
*Tila kay sarap pakinggan,*
*Kaygandang pagmasdan.*

*Sa tuwing hawak iyang gitara*
*Lahat ng tipa ay tunog harana*
*Sa bawat bigkas ng mga salita*
*Pag-ibig ang narinig nitong tenga"*

Makikita sa talata ang isang elemento ng tula na tinatawag na tugmaan tulad ng nabanggit sa kasanayang ginagamit ng tersiyarya, ito ay makikita sa hulihang bahagi ng mga taludtud. Ang patinig na "a" at katinig na "n" ang naibigay ni Irish sa kanyang akdang Hibang. Kasama ang iba pang mga kasanayan tulad ng pagpapakita ng kaalaman sa panitikan sa pamamagitan ng pagsulat ng: pagbasa ng Spoken Word Poetry, pagbuo ng tula, Spoken Poetry, sanaysay, maikling kwento, nobela, anekdota at dula (script) ang kahilingang awtput at pagtatanghal ng mga natatanging tula gamit ang rubric bilang pamantayan sa pagtataya mula sa *Prototype Syllabi for Pre-Service Teacher Education Compendium Series (Compendium 5: Bachelor of Secondary Education-Filipino Specialization Courses).*

Ang kahusayan sa isang larangan ay maaaring magkapagbigay sa mga kabataan ng mga oportunidad sa sistema ng edukasyon. Pinatunayan ni De Ramon 2024[19] sa kanyang pag-aaral na maraming Spoken Poetry ang magagamit sa pagtuturo ng kontemporaryong panitikan. Dahilan upang mapalakas ang ugnayan ng Spoken Word Poetry sa kinikilalang tula na ugat ng pagtuturo na makikita sa kasanayang pampagkatuto ng iba't ibang lebel.

2. **Elemento ng Tula na Nakapaloob sa Spoken Word Poetry**

Ipapakita dito ang mga elemento ng tula na nakapaloob sa Spoken Word Poetry. Ang mga naitalang elemento ng tula ay batay sa libro ni Almario (2017) na "Taludtod at talinghaga" at sa mga Spoken Word Poetry ng mga Sorsogueñong manunulat sa probinsiya at lungsod ng Sorsogon. Nakita ang mga elemento tulad ng tugma, saknong at talinghaga na nakapaloob sa nasuring Spoken Word Poetry mula sa panulat ng mga elementarya, sekundarya, at tersiyarya.

**Tugma.** Ang isang akda ay nagiiwan ng kawilihan sa mga mambabasa, isa sa elemento ng tula ang tugma na nagbibigay impak sa isang panulat. Naipapakita ang tugma sa tula sapamamagitan ng pagkakaroon ng pare-parehong tunog o tunog-salita sa huling bahagi ng mga taludtod na ikinagaganda ng pagbigkas ng tula. Isa sa mga akdang pampanitikan ang Spoken Word Poetry bilang makabagong panulaan sa kasalukuyang henerasyon ang kinakitaan ng isang elemento ng tula na tinatawag na tugma. Batay

sa mga nasuring Spoken Word Poetry, ilan sa mga akdang panulat ng sekundarya at tersiyarya lamang ang nagkaroon ng tugmaan. Sa sekundarya ay makikita ang akda ni Reihn Lintol na "Pwede pa ba?" na nagkaroon ng tugmaan, makikita ang:

*"Meron pa bang pag-asa?*
*pag-asa na ikaw ay babalik pa*
*ang kwento natin ang tapos na ngunit ako parin ba?*
*ang pagmamahal mo kaya sakin ay nandiyan pa*

*mahal, ako ay nag hihintay*
*ikaw lamang ang mamahalin hanggang sa ako ay mamatay,*
*hanggang sa huling hininga ng aking buhay*
*itong buhay, sayo ay iaalay"*

Makikita sa pahayag ang mga tugmaang patinig na "a" sa unang saknong at katinig na "y" sa pangalawang saknong. Habang sa tersiyarya naman, ang akdang "Hibang at Mangmang" nina Irish Catubig at Cristina Español ang nakitaan ng tugmaan. Ang tugma na ginamit sa akda ng mga mag-aaral ang nagbibigay ng pagkakaisa sa mga salita at konsepto ng akda.

Ang paggamit ng malayang taludturan ay isang malaking tulong sa mga kabataang manunulat para makapagsulat ng spoken word poetry na walang isinasaalang-alang na sukat o tugma. Saad sa pag-aaral ni Dela Torre (2019)[20] na sa pagsusulat ng tula ay nabibigyang halaga nito ang malayang pagpapalabas ng kanilang damdamin na hindi sumusunod sa wastong sukat at tugma.

**Saknong.** Ang paggawa ng isang malikhaing spoken word poetry ay nangangailangan ng masining na porma, isa sa elemento ng tula ang saknong na nagsisilbing tagahati ng mga ideya na naipapahayag sa akda. Nagagawang kaakit-akit ng mga akda dahil sa mga sangkap ng tula tulad ng saknong na isinasaalang-alang ng manunulat sa paggawa, makikita din naman ito sa ilang nasuring Spoken Word Poetry ng mga mag-aaral na Sorsoganon. Ayon sa mga nasuring mga akda ng mga elementarya, makikita ang Spoken Word Poetry na "Paaralan" ni Dorothea Fate Anacan na may tatlong saknong at apat na taludtod sa bawat saknong, "Pagmamahal na walang hanggan" ni Izien Llaneta na may tatlong saknong at apat na taludtod sa bawat saknong, "Ang Mangga at Pamilya" ni Arianna Xianelle Maceda na may tatlong saknong at apat na taludtod sa bawat saknong, "Liham mula sa anak" ni Juliana Nicole Llosala na may walong saknong at apat na taludtod sa bawat saknong at sa "Bukid" ni Margoux Arca na may dalawang saknong at anim na taludtod sa bawat saknong. Sa sekundarya ay makikita sa mga akdang "Pwede pa ba?" ni Reihn Lintol na may dalawang saknong at apat na taludturan at maging sa kanyang akdang "Buhay" makikita ang:

*"Ang ating buhay ay inalay ng nasa itaas,*
*kaya wag niyo agad bigyan ng wakas.*
*bawat problema at pag-subok ay harapin*
*upang magandang buhay ay iyong lasapin.*
*ang pag tapos ng buhay ay hindi solusyon*
*sapagkat ito ay hindi tamang desisyon.*

*matatag na loob ay dapat itatak,*
*palaging gamitin sa maayos ang utak.*
*buhay na binigay ay wag sayangin,*
*bawat galit ay wag na wag pairalin.*
*bawat tao ay may hirap na hinaharap sa buhay,*
*ngunit ito ay aking gabay"*

Makikita sa talata ang dalawang saknong at anim na taludturan sa bawat saknong.

Ayon sa mga naitalang Spoken Word Poetry marami sa mga manunulat ang mas tinatangkilik ang malayang anyo ng pagsulat, sang-ayon naman sa pag-aaral ni Lemire 2021[21], na ang "slam" ay isang paligsahan sa tula kung saan ang mga makata ay gumaganap ng mga orihinal na gawa nang mag-isa o sa mga pangkat sa harap ng isang madla na humahatol sa gawa para sa pagganap nito at para sa nilalaman at estilo o anyo nito.

**Talinhaga.** Ang bawat akdang pampanitikan ay nagtataglay ng kawilihan at masining na pagkakagawa kaya kalimitang nakukuha ang interes ng mga mambabasa o tagapakinig. Ang mga sulatin tulad ng Spoken Word Poetry ay naghahayag ng kakaibang sangkap na tinatangkilik ng mga kabataan at ginagawang inspirasyon sa pagsusulat ng saring akda. Isa sa mapapansing elemento na nakapaloob sa mga nasuring spoken word poetry ng mga mag-aaral na Sorsogueño ay ang talinhaga. Sa elementarya, gumamit ng talinhaga ang akdang may mga titulong "Liham mula sa Anak at Pangarap" upang mailarawan ang mga bagay na nais ipahayag sa mas malalim na pamamaraan. Tulad ng ipinahayag sa akdang "Pangarap" na:

*"na kung dati ay puno ng kulay,*
*ngayon ay pilit na ibinabaon sa hukay"*

Ang pahayag na ito ay nangangahulugang "tapusin ang sinimulang pangarap", nais ng manunulat na ipakita ang kagustuhang matapos ang pangarap sakabila ng mga pinagdadaanang hirap. Sa sekundarya naman ay makikita ang mga matatalinghagang pananalita sa mga akdang "Larawan, Husgado, Kaibigan, Move On, Araw ng mga Puso" at "Undas" na sinabi ang:

*"Dumating ka at iyong pinulot ang nagkapira-pirasong kong puso"*

Ipinapakahulugan ng may-akda sa pahayag na "Ibinabaon sa hukay" ang "tuluyang paglimot" sa mga bagay na dating pinahahalagahan. Ang istilong ito ay ginagawa upang ipahayag ang mga mensahe sa malikhaing pamamaraan. Samantala, gumamit din ng mga matatalinghagang pananalita ang mga manunulat na tersiyarya sa mga Spoken Word Poetry na "Si Juan at ang kaniyang kamalayan, Byahe, Alamat ng Sampaguita, Punong-puno, Maari ba?, Mangmang at Kung hindi ikaw h'wag na". Ito ay marahil

dahil sa nabigong pag-ibig sa nakaraan at panibagong pag-ibig sa kasalukuyan. Ang mga talinghagang nabanggit ay ginagawa upang ilarawan ang mga bagay na nais ipahayag na may kawilihan sa mambabasa o tagapakinig. Ang Spoken Word Poetry na nagtataglay ng elemento tulad ng talinhaga ay nagpatindi ng damdaming nais maipahayag ng manunulat sa madla at nag-iwan ng kakaibang pwersa upang tangkilikin ng mambabasa.

Ayon sa pag-aaral na ginawa ni Miculob (2020)[22] na pinamagatang pagsusuri sa mga piling Fliptop lines, batay sa naging resulta ng pag-aaral. Napag-alaman na ang mga salita sa mga fliptop lines, nasa iba't ibang antas ng wika. Ito ay nagtataglay ng mabisa at malikhaing paggamit ng kasangkapang panliteratura tulad ng mga tayutay at simbolismo na nagsisilbing tulay upang maintindihan ng mga tagapakinig ang mas malalimang mensahe.

**KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Ang mga naisulat na spoken word poetry ay kadalasang hango sa sariling karanasan, obserbasyon at pananaw ng mga manunulat ng akda. Ipinapakita ang kamalayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang isyung panlipunan na kalimitang nakikita, naririnig at nararanasan ng mga kabataan sa kasalukuyang henerasyon. Nararapat na mabigyan ng kaukulang pansin ang mga pag-aaral sa kulturang popular tulad ng spoken word poetry upang makilala at mapahalagahan bilang bahagi ng panitikan sa bansa, mabigyan ng sapat na pagkilala ang mga manunulat at akdang naisulat bilang panitikang umiiral sa kasalukuyan.

**SANGGUNIAN**


**[1]** North, G. (2008). *What is Spoken Word Poetry. The Nelson- Atkins Museum of Art. Retrieved from*: https://bit.ly/2PJsLa

**[2]** Unesco. March 21. *World Poetry Day.* *Retreived from*: unesco.org/en/days/poetry

**[3]** Pilipinas (1987) Artikulo XIV Seksyon 14 at Seksyon 15. Edukasyon, Agham at Teknolohiya , mga Sining, Kultura at Sports. Mga Sining at Kultura.

**[4]** *DepEd Order No. 8, 2013 Advisory No. 46, s. 2022. 4th Extramural Training: Training the Trainers ang Writers and 2nd Poetry Out Loud Competition of the School Press Advisers and Movement Inc.*

**[5]** Pansangay na Memorandum Blg. 65, s. 2022. Pagkilala sa Lupong Teknikal at mga Manunulat ng Kalipunan at Pre-Recorded Video ng Panitikang Lokal ng Lalawigan ng Sorsogon.

**[6]** Matherly, Sara., 2021. *Poetry Beyond the Page: A Case for Spoken Word Poetry in Florida's Secondary Calssrooms. Liberty University.*

**[7]** Kesselring, J. (2016). *Making Transformative Space: Exploring Youth Spoken Word as a Site of Critical pedagogy (Doctoral dissertation, Arizona State University*). https: bit.ly/2Gq5b8q

**[8]** Jarin 2015 banggit ni Joel Costa Malabanan. Ang personal na Pagpapasarap sa Sarili sa Spoken Word Poetry. Retrieved from: https://academia.edu/43827081.

**[9]** De Guzman (2007). Banggit ni Lovely Nhel Eslomot (2020). Konseptong Papel Tungkol sa Barkada. Retrieved from:scrib.com/document/447004459/Konseptong- papel-tungkol-sa-barkada

**[10]** Stewart., J. A. (2017). *The Performance of Feminist and Decolonial Critique: Spoken Word Poetry as an Affirmative and Popular practice in the Public Space (Masters Thesis).* Retreived from: https:bit.ly/32BwiXy

**[11]** Callenero et al. (2014). Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Paaralan. Batangas Country Club. Retrieved from: collegesidekick.com/study-docs/5568044

**[12]** Juanitez (2015). Banggit nina Leynes et al. Mga Salik na Nakakaapekto sa Relasyon.

**[13]** Esch, Stacy Tartar. *Fundamental Question about Literature. West Chester University*. 8 March 2010.

**[14]** Dill, Cody E., 2013. *"The safest place": Anti-oppressive in Spoken Word Poetry. University of Saskatchewan Saskatoon.*

**[15]** Alojado, Deborah Beatrice V., 2020. Pag-aaral sa Epektibidad ng Implementasyon ng Solid Waste Management sa mag piling Senior High School ng Southern Baptist College. Southern Baptist College.

**[16]** Gabuya, Carl Louie P. 2018., Epekto ng Pgtangkilik ng Kulturang banyaga sa Kulturang Pilipino sa Pag-aaral ng mga Piling Mag-aaral. Makati-Higher School ng Umak.

**[17]** Boyadjieva at Petya Ilieva-Trichkova (2019). Banggit ni Sarah Matherly (2021). *Poetry Beyong the Page: A Case for Spoken Word Poetry in Florida's Secondary Classrooms.*

**[18]** Törnqvist, Sara., 2019. *Speaking through poetry –Using spoken poetry to lower speaking anxiaety amongSwedish EFL Learners. Örebro University.*

**[19]** De Ramon, Natividad L., 2024. Spoken word poetry sa kontemporaryong panahon. Pampamahalaang Pamantasanng Sorsogon, Lungsod Sorsogon.

**[20]** Dela Torre, Enemecio H., 2019. Pagsusuri sa mga Piling Word Poetry ni Juan Miguel Severo: Mungkahing Disenyo ng Aralin. Academe University of Bohol.

**[21]** Lemire, Chantal D. 2021. *Speaking Songs: Music-AnalyticApproaches to Spoken Word. The University of Western Ontario.*

**[22]** Miculob (2020). Banggit ni De Ramon (2024). Spoken word poetry sa kontemporaryong panahon. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon, Lungsod Sorsogon.

International Research Journal
IJNRD
Research Through Innovation